Nasaan ang mga Patay? (Bahagi 2)

Batay sa kabanata 6 ng aklat na *Ano Ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?* na available sa jw.org/tl.

LAYUNIN: Suriin ang paniniwala mo at kung bakit mo iyon pinaniniwalaan, alamin ang itinuturo ng Bibliya, at tingnan kung paano mo maipaliliwanag sa iba ang iyong paniniwala.

LAYUNIN BA NG DIYOS NA MAMATAY ANG MGA TAO?

1 SURIIN ANG PANINIWALA MO

Bakit kaya may mga nagsasabing oo?

Bakit kaya may mga nagsasabing hindi?

Ano ang paniniwala *mo?*

Bakit iyon ang pinaniniwalaan mo?

www.jw.org © 2015 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

2 ALAMIN ANG ITINUTURO NG BIBLIYA

Hindi sana mamamatay ang mga tao.
(Tingnan ang kabanata 6 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya,* parapo 9-14.)

Basahin ang Genesis 2:16, 17.
Ayon sa mga talatang iyan, ano ang tanging dahilan kung bakit mamamatay si Adan?

Samakatuwid, kung sumunod si Adan sa Diyos, buháy pa ba siya ngayon?

Gaya ng isang nagmamalasakit na doktor na nagbababala sa kaniyang mga pasyente tungkol sa mga makasasamâ sa kanila, nagbabala rin si Jehova kina Adan at Eva tungkol sa paggawi na makasasamâ sa kanila

www.jw.org © 2015 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

Gusto ng ating mapagmahal na Maylikha na mabuhay ang kaniyang mga lingkod.

(Tingnan ang kabanata 6 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya,* parapo 15-20.)

Basahin ang 1 Juan 4:8.

Ano ang pangunahing katangian ni Jehova?

Basahin ang Gawa 24:15 at Apocalipsis 4:11.

Ano ang ipinakikita ng mga tekstong ito tungkol kay Jehova?

Dahil alam mo ang totoong dahilan kung bakit tayo namamatay, paano ito nakaaapekto sa iyong pananaw tungkol sa Diyos na Jehova?

www.jw.org © 2015 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

3 IPALIWANAG ANG IYONG PANINIWALA

KUNG MAY MAGSASABI . . .

Inilagay tayo ng Diyos sa lupa para subukin tayo bago umakyat sa langit.

PUWEDE MONG SABIHIN . . .

Posibleng marami ang sasang-ayon diyan. Pero iba ang paniniwala ko dahil . . .

_____

_____

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

_____

Depende sa pananaw ng kausap mo, paano ka mangangatuwiran gamit ang tekstong iyan?

_____

KUNG MAY MAGSASABI . . .

Lahat naman ay namamatay; bahagi na ng siklo ng buhay ang kamatayan.

PUWEDE MONG SABIHIN . . .

Totoo na lahat ngayon ay namamatay. Pero hindi ako naniniwalang kalooban ng Diyos na mamatay ang mga tao kasi . . .

_____

_____

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

_____

Depende sa pananaw ng kausap mo, paano ka mangangatuwiran gamit ang tekstong iyan?

_____

www.jw.org © 2015 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania